Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG PEBRERO 26, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Bryan R. Lateo | ........ | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Jun M. Asinas | ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........ | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco | ........ | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. | ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>nasa lakad opisyal |
| Kgg. Narciso A. Cayos | ........ | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 060-T'07**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 03-T'2007 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN 20% BLG. 03-T'2007 NG BARANGAY ALIPIT NA NAGPAPATIBAY NG ANNUAL INVESTMENT PLAN (AIP) NA NAGKAKAHALAGA NG ISANGDAAN LIMAMPUT WALONG LIBO TATLONGDAAN TATLUMPU'T SIYAM NA PISO (P158,339.00).**

SAPAGKA'T, may mga binalangkas na programa, , proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Alipit para sa taong ito na paglalaanan ng 20 bahagdang kabahagi ng rentas-internas;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay at naaayon sa itinatadhana ng LBC #70 ay inirekomenda ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan na pagtibayin na ang AIP ng Brgy. Alipit.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Jun M. Asinas, Alan T. Pamatmat at Serafin C. San Juan, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 03-T2007 / Kautusan sa Laang Gugulin 20% Blg. 03-T2007 ng Barangay Alipit na nagpapatibay ng Annual Investment Plan (AIP) na nagkakahalaga ng P158,339.00.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Brgy. Alipit, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. BRYAN R. LATEO**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan

3/1/07